



# PAGBABASA SA SUMMER

## Tulongan ang inyong anak na magtagumpay sa eskwelahan!

Alam niyo ba na ang mga batang nagbabasa sa summer ay mas humuhusay sa eskwelahan?

Mga paraan upang tulongan ang inyong anak sa pagbabasa:

- Kumuha ng library card para sa inyong anak sa public library sa inyong lugar. Ito ay libre!
- Isali ang inyong anak sa libreng summer reading club ng library.
- Hikayatin ang inyong anak na magbasa araw-araw. Kapag ang mga bata ay nagbabasa sa summer, mas humuhusay sila sa eskwelahan sa fall.
- Hayaan ang inyong mga anak na pumili ng mga libro na gusto nila. Kapag nasisiyahan ang inyong anak sa pagbabasa, mas nagbabasa sila at bumubuti ang kanilang skills.
- Magtanong ukol sa mga libro na binabasa ng inyong mga anak. Ang paglalarawan sa mga libro sa sarili nilang mga salita ay tumutulong sa kanila na maunawaan nang mas mabuti ang mga istorya.
- Basahan ang inyong anak o makinig sa audio books nang magkasama. Kapag pinag-uusapan ninyo ang mga istorya na binasa ninyo nang magkasama, tinutulungan ninyo ang inyong anak na matuto ng mga bagong salita at mga ideya.
- Ipakita sa kanya na nasisiyahan din kayo sa pagbabasa. Magbasa kayo sa wikang gusto ninyo.